

Pahayag para sa Press

Naka-embargo hanggang 0830 Maynila (00:30 UTC) Ika-1 Pebrero 2023

S&P Global Philippines Manufacturing PMI®

Kapansin-pansin ang pag-unlad ng Filipino manufacturing sector noong simula ng 2023

Mga pangunahing nalaman

Bumilis ang paglaki ng output at pagdami ng mga bagong order noong Enero

Naging isa sa pinakamabilis sa kasaysayan ang upturn sa pagbili ng input

Patuloy na bumaba ang price pressures

Ang pinakabagong data ng PMI® mula sa S&P Global ay nagpakita ng kapansin-pansing pag-unlad sa buong Filipino manufacturing sector sa simula ng 2023. Ang mga kumpanya ay nagtaas ng kanilang produksyon at nagpaigting ng kanilang pagbili, kasabay ng ulat ng mas mabilis na pagdami ng mga bagong order noong Enero.

Gayundin, patuloy na humina ang price pressures sa punto na naging pinakamabagal sa loob ng 24 at 15 buwan ang rate ng inflation ng presyo ng input at singil sa output.

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay tumaas nang tatlong buwang sunod-sunod, at umabot ito sa pitong buwang high na 53.5 noong Enero (Disyembre: 53.1). Kapansin-pansing gumanda ang mga kundisyon ng pagnenegosyo, at naging matatag ang naitalang bilis ng expansion sa konteksto ng historical data.

Nakapagtala ng paglaki ng output nang limang buwang sunod-sunod. Bumilis ang pag-unlad noong buwang iyon, at naghudyat ito ng mabilis na pagtaas ng production levels. Tinukoy ng anecdotal na ebidensya ang tumataas na demand para sa mga produkto ng Filipino manufacturing. Gayundin, naging mas mabilis din ang pagdami ng mga bagong order noong Enero.

Bilang karagdagan, tumaas din ang banyagang demand para sa mga produktong gawa sa Pilipinas noong Enero. Ang lumalaking bilang ng mga internasyunal na kliyente at mas malakas na demand mula sa China ay nakatulong sa pag-angat ng mga export sa unang pagkakataon sa loob ng 11 buwan.

Ang pinakamakailang pag-igting ng aktibidad sa pagbili ay nagpakita sa kahandaan ng mga kumpanya na matugunan ang lumalaking demand. Naging isa sa pinakamabilis sa kasaysayan ang bilis ng expansion. Gayundin, kasabay ng tuloy-tuloy na pagsigla ng aktibidad ng kliyente, nag-ulat ang mga kumpanya ng manufacturing ng pagdami ng hindi pa natatapos na trabaho noong Enero - ang ikalimang buwan lang ng paglaki ng mga backlog ng trabaho mula noong simula ng series noong Enero 2016.

Ang mas mataas na demand ay nagresulta rin sa pagsalalay ng mga manufacturer sa mga imbentaryo. Sa unang pagkakataon sa loob ng isang taon, lumiit ang mga post-production na

Philippines Manufacturing PMI

sa, >50 = paglago simula noong nakaraang buwan



Mga Pinagmulan: S&P Global.

Ang data ay nakolekta noong 12-24 Enero 2023.

Komento

Bilang komento sa data ng survey sa Philippines Manufacturing PMI, ipinahayag ni Maryam Baluch, na Ekonomista sa S&P Global Market Intelligence, na:

"Kapansin-pansing gumanda ang mga kundisyon ng pagnenegosyo sa buong sektor ng manufacturing sa Pilipinas noong Enero, ayon sa pinakabagong data ng PMI. Nakapagtala ng mabilis na upturn sa output at mga bagong order, at dahil daw ito sa mas mataas na demand para mga produktong gawa sa Pilipinas, ayon sa mga panelista.

"Ayon sa data, ang agresibong monetary stance ng bangko sentral ay naging epektibo kung pagbabatayan ang mga karagdagang senyales ng pagbaba ng price pressures noong Enero. Buti na lang, hindi pa naapektuhan ng mga pagbabago sa polisiya ang demand.

"Bilang karagdagan, gumaan din ang supply chain pressures, at nabanggit ng mga panelista na nakatulong sa tagal ng delivery ang pinagandang imprastruktura, mas maraming vendor at pagtatanggal ng mga paghihigpit sa port.

"Sa pangkalahatan, ang mataas na domestic demand ay nagdulot ng mas mataas na optimismo para sa taong ito. Gayundin, ang kawalan ng mga paghihigpit sa COVID, mas mataas na investment sa mga bagong produkto at pagsasagawa ng mga bagong proyekto ay nakatulong sa pagkakaroon ng pag-asang magkakaroon ng masaganang taon para sa sektor ng manufacturing sa Pilipinas."

PMI®

by S&P Global


imbentaryo kasabay ng paggamit ng mga kumpanya ng mga stock para matugunan ang mas malaking bilang ng mga bagong order. Gayunpaman, hindi masyadong naging mabilis ang pagdestock.

Buti na lang, bagama't patuloy na tumaas ang demand, hindi ito nagresulta sa pagtaas ng mga gastusin sa pagnenegosyo. Sa halip, lalo pang bumaba ang cost pressures noong Enero. Naging pinakamabagal sa loob ng dalawnag taon ang inflation ng presyo ng input at naging mas mababa ito sa survey average, at naging mas mabagal din ang pagtaas ng mga ipinapataw na singil kumpara sa naitala sa mahigit isang taon.

Bilang karagdagan, ang pagbagal ng inflation sa gastusin ay maaari ding maiugnay sa paggaan ng supply chain pressures. Bagama't patuloy na pumangit ang supplier performance noong Enero, naging pinakamabagal ang paghaba ng average lead times simula noong Nobyembre 2019 dahil umano sa mga third-party na vendor at mas hindi mahihigpit na requirement sa port na nakatulong sa pagpapagaan ng supply-chain pressures.

Gayunpaman, ang dumaraming requirement sa negosyo ay hindi lubos na nagdulot ng pagdami ng mga manggagawa. Sa kabila ng pag-ulat ng ikalawang buwan ng growth, nanatiling mahina ang aktibidad sa hiring sa mga sektor ng manufacturing sa Pilipinas. Ang kaukulang seasonally adjusted index ay lumapit sa 50.0 neutral mark, na nagsasaad lang ng bahagyang pagtaas ng employment noong Enero. Nabanggit ang mga pagtatanggal at pagbibitiw ng mga tao na nakapaglimita sa bilis ng job creation.

Sa pangkalahatan, ang patuloy na positibong performance ng sektor ng manufacturing noong Enero ay nagresulta sa mas matataas na level ng optimismo sa mga negosyo sa survey. Naging mas mataas ang antas ng kumpiyansa kumpara sa historical average, mas mataas sa apat na buwang low noong Disyembre. Malapit sa dalawang ikatlo ng mga panelista ang namag-asang tataas ang output sa darating na 12 buwan kumpara sa 1% na hindi.



Mga Pinagmulan: S&P Global, Philippines Federal Reserve.

Makipag-ugnayan

Maryam Baluch
 Ekonomista
 S&P Global Market Intelligence
 T: +44-13-4432-7213
maryam.baluch@spglobal.com

SungHa Park
 Corporate Communications
 IHS Markit
 T: +82 2 6001 3128
sungha.park@spglobal.com

Kung hindi mo gustong makatanggap ng mga balita mula sa S&P Global, mangyaring mag-email sa katherine.smith@spglobal.com. Upang mabasa ang aming patakaran sa privacy, mag-click [dito](#).

Pamamaraan

Ang S&P Global Philippines Manufacturing PMI® ay kinakalap ng S&P Global mula sa mga buwanang questionnaire na ipinapadala sa mga purchasing manager sa isang panel ng mahigit 400 manufacturer. Ang panel ay pinagpangkat-pangkat batay sa detalyadong sector at laki ng lakas-paggawa ng kumpanya, batay sa mga kontribusyon sa GDP.

Kinokolekta ang mga tugon sa survey at sinasalamain nito ang direksyon ng pagbabago kumpara sa nakaraang buwan. Kinakalkula ang isang diffusion index para sa bawat survey variable. Ang index ay ang kabuuan ng porsiyento ng mga tugong 'mas mataas' at kalahati ng porsiyento ng mga tugong 'hindi nabago'. Ang index ay maaaring maging 0 hanggang 100, at ang isang reading na mas mataas sa 50 ay nagsasaad ng pangkalahatang pagtaas kumpara sa nakaraang buwan, at ang mas mababa sa 50 ay pangkalahatang pagbaba. Ang mga index ay ina-adjust ayon sa season.

Ang headline figure ay ang Purchasing Managers' Index™ (PMI). Ang PMI ay isang weighted average ng sumusunod na limang index: mga bagong order (30%), output (25%), employment (20%), mga oras ng paghahatid ng mga supplier (15%) at mga stock ng pagbili (10%). Para sa pagkalkula ng PMI, ini-invert ang index ng mga oras ng paghahatid ng mga supplier nang sa gayon ay gumagalaw ito patungo sa isang katulad na direksyon kumpara sa ibang mga index.

Hindi nirerevisa ang batayang data ng survey pagkatapos ng publikasyon, ngunit maaaring paminsan-minsang irebisa ang mga pana-panahong salik ng pagsasaayos kung naaangkop, na makakaapekto naman sa serye ng data na pana-panahong isinasayaos.

Para sa dagdag na impormasyon sa pamamaraan ng PMI survey, makipag-ugnayan sa economists@ihsmarkit.com.

Disclaimer

Ang mga karapatan sa intelektwal na pag-aari sa data isinaad dito ay pagmamay-ari ng, o nakalisensya sa, S&P Global. Ang anumang hindi awtorisadong paggamit sa anumang lumalabas na data, kabilang ang, ngunit hindi nalilimitahan sa, pagkopya, pamamahagi, pagpapadala o iba pang paraan na tulad nito ay hindi pinapahintulutan kung wala itong paunang pahintulot mula sa S&P Global. Hindi magkakaroon ng anumang pananagutan, responsibilidad o obligasyon ang S&P Global para sa, o kaugnay ng, content o impormasyon ("data") na makikita rito, sa anumang pagkakamali, hindi wastong impormasyon, pagbabawas o pagkaantala sa data, o para sa anumang hakbang na isinagawa batay sa mga ito. Sa kahit na anong sitwasyon, hindi mananatag ang S&P Global para sa anumang mga pinsalang espesyal, incidental o bunga ng hindi pagsunod sa kontrata, na magresulta sa paggamit ng data. Ang Purchasing Managers' Index™ at PMI® ay mga nakarehistrong trade mark ng Markit Economics Limited o nakalisensya sa Markit Economics Limited.

Ang Content na ito ay pina-publish ng S&P Global Market Intelligence at hindi ng S&P Global Ratings, na isang dibisyon ng S&P Global na hiwalay na mina-manage. Ang reproduksyon ng anumang impormasyon, data o materyales, kasama ang mga rating ("Content") sa anumang anyo ay ipinagbabawal maliban kung may paunang nakasulat na pahintulot ng nauugnay na panig. Ang naturang panig, at mga kaanib at supplier nito (mga "Content Provider") ay hindi naggarantiya sa katumpakan, pagiging sapat, pagiging kumpleto, pagiging napapanahon o pagiging available ng anumang Content at hindi responsable ang mga ito para sa anumang mga pagkakamali o pagbubukod (pabaya man o hindi), anuman ang dahilan, o para sa mga resultang nakukuha mula sa paggamit ng naturang Content. Hindi mananatag ang mga Content Provider para sa anumang danyos, gastusin, bayad sa abogado, o pagkalugi (kasama ang mga gastos dahil sa nawalang kita at oportunidad) na kaugnay ng paggamit ng naturang Content.